| English | Filipino |
| --- | --- |
| **WorkSafe Cleaning Checklist** | **Checklist sa Paglilinis ng WorkSafe** |
| 1. Routine Cleaning | 1. Regular na Paglilinis |
| **What do I need?** | **Ano ang kailangan ko?** |
| ▪ Detergent, either as a solution that can be mixed with water, or as wipes; or<br>▪ A 2-in-1 detergent and disinfectant solution, or wipes which can be used for routine cleaning. | ▪ Sabon, solusyon man na maaaring haluan ng tubig, o wipes; o<br>▪ 2-in-1 na sabon at pandisimpektang solusyon o wipes na magagamit sa regular na paglilinis. |
| **When should I clean?** | **Kailan ako dapat maglinis?** |
| ▪ Clean your workplace at the end of the workday using a detergent, or a 2-in-1 detergent and disinfectant solution;<br><br>▪ Focus on: Frequently touched surfaces such as tabletops, door handles, light switches, desks, toilets and toilet doors, taps, TV remotes, kitchen surfaces and cupboard handles;<br><br>▪ Clean objects and surfaces used repeatedly by lots of people frequently throughout the day using a detergent, or 2-in-1 detergent and disinfectant solution.  For example: Trolleys and baskets, checkouts, EFTPOS machines, handrails, elevator buttons<br><br>▪ Clean surfaces and fittings that are visibly soiled or after any spillage as soon as possible using a detergent, or a 2-in-1 detergent and disinfectant solution; | ▪ Linisin ang iyong lugar-trabaho sa pagtatapos ng araw ng trabaho gamit ang sabon, o 2-in-1 na sabon at pandisimpektang solusyon;<br><br>▪ Tutukan ang: Madalas na hawakang mga ibabaw tulad ng mga ibabaw ng mesa, hawakan ng pinto, switch ng ilaw, desk, kubeta at pinto ng kubeta, gripo, remote ng TV, ibabaw ng kusina at hawakan ng platera;<br><br>▪ Linisin ang mga bagay at ibabaw na paulit-ulit na ginagamit ng maraming tao sa buong maghapon gamit ang sabon, o 2-in-1 na sabon o pandisimpektang solusyon.  Halimbawa: Mga trolley at basket, checkout, EFTPOS machine, hawakan ng kamay, pindutan sa elebeytor<br><br>▪ Linisin sa lalong madaling panahon ang mga ibabaw at fittings na kitang-kitang marumi na o kapag may anumang tumapong likido gamit ang isang sabon, o 2-in-1 na sabon o pandisimpektang solusyon; |

| | |
|---|---|
| ▪ Instruct workers to clean personal property that has been brought to work and is likely to be handled at work or during breaks with a detergent or 2-in-1 detergent and disinfectant solution, or wipes. For example: Sunglasses, mobile phones, ipads, car keys | ▪ Turuan ang mga manggagawa na linisin ang personal na gamit na dinala sa trabaho at malamang na hawakan sa trabaho o sa oras ng break, gamit ang sabon at 2-in-1 na sabon o pandisimpektang solusyon o wipes. Halimbawa: Mga salamin sa mata, mobile phone, ipad, susi sa kotse |
| 1. How to Safely Clean | 1. Paano ligtas na maglinis |
| ▪ Read the product label and Safety Data Sheet for the cleaning product(s) before using and make sure you follow all instructions, including all required personal protective equipment. Also make sure the product is suitable for use on the surface you are cleaning;<br><br>▪ Instruct workers to wear gloves when cleaning and make sure they know to wash their hands very well with soap and water, or to use alcohol-based hand sanitiser if they cannot wash their hands, both before and after wearing gloves;<br><br>▪ If possible, use disposable gloves when cleaning and discard after each use. Otherwise, only use reusable gloves for routine cleaning and do not share gloves between workers; | ▪ Basahin ang tarheta ng produkto at Safety Data Sheet para sa (mga) produktong panlinis bago gamitin at tiyakin na susundin mo ang lahat ng mga tagubilin, kabilang ang lahat ng kailangang pansariling kagamitang pamproteksyon (personal protective equipment). Tiyakin din na ang produkto ay angkop gamitin na panlinis sa ibabaw;<br><br>▪ Turuan ang mga manggagawa na magsuot ng guwantes kapag naglilinis at tiyaking alam nilang hugasan nang tama ang kanilang mga kamay gamit ang sabon at tubig, o gumamit ng hand sanitiser na batay sa alkohol kung hindi nila kayang hugasan ang kanilang mga kamay, bago magsuot at magtanggal ng guwantes;<br><br>▪ Kung maaari, gumamit ng mga isahang-gamit na guwantes kapag naglilinis at itapon pagkatapos ng bawat paggamit. Kung hindi naman ay gumamit lamang ng mga muling-magagamit na guwantes para sa regular na paglilinis at hindi dapat maghiraman ng guwantes ang mga manggagawa; |

| After cleaning | Pagkatapos maglinis |
| --- | --- |
| ▪ Dispose of any disposable cloths in a rubbish bag, or launder reusable cloths in the usual way. | ▪ Itapon ang anumang isahang-gamit na mga basahan sa basurahan, o labhan ang muling-magagamit na basahan sa karaniwang paraan. |
| 2. Cleaning if someone in my workplace is suspected or confirmed to have COVID-19 | 2. Maglinis kung isang tao sa aking lugar- trabaho ay pinaghihinalaan o nakumpirma na may COVID-19 |
| **Preparing to clean** | **Paghahanda sa paglilinis** |
| ▪ Prevent access to the areas that were used by the suspected or confirmed case as well as any common areas (break rooms, bathrooms) and any known or likely touch points;<br>▪ Open outside doors and windows if possible to increase air circulation. | ▪ Pigilan ang pagpunta sa mga lugar na ginamit ng pinaghihinalaan o nakumpirma na kaso at pati na rin sa mga panlahatang lugar (mga break room, mga banyo) at anumang mga napag-alaman o malamang na mga hinawakan;<br>▪ Buksan ang panlabas na mga pinto at bintana kung maaari upang maragdagan ang sirkulasyon ng hangin. |
| **What do I need?** | **Ano ang kailangan ko?** |
| ▪ A detergent, as a solution that can be mixed with water; and<br><br>▪ A disinfectant containing ≥ 70% alcohol, quaternary ammonium compounds, chlorine bleach or oxygen bleach (see the Department of Health website for more information on the correct bleach solution); or<br><br>▪ A combined detergent and disinfectant solution;<br><br>▪ Appropriate personal protective equipment for cleaning staff, including disposable gloves and safety eyewear; | ▪ Sabon, isang solusyon na maaaring ihalo sa tubig; at<br><br>▪ Disimpekta na may ≥ 70% alkohol, mga quaternary ammonium compound, chlorine bleach o oxygen bleach (tingnan ang website ng Department of Health para sa karagdagang impormasyon sa tamang solusyon ng bleach); o<br><br>▪ Pinaghalong solusyon ng sabon at disimpekta;<br><br>▪ Naaangkop na personal protective equipment para sa mga kawaning tagalinis, kabilang ang mga isanhang-gamit na mga guwantes at isinusuot na pangkaligtasan ng mga mata (safety eyewear); |

| | |
|---|---|
| ▪ Provide a disposable apron where there is visible contamination with bodily fluids;<br><br>▪ A surgical mask if the person suspected to have COVID-19 is in the room. | ▪ Magbigay ng isahang-gamit na apron kung may nakikitang kontaminasyon sa mga fluid ng katawan;<br><br>▪ Surgical mask kung ang tao na pinaghihinalaang may COVID-19 ay nasa kuwarto. |
| **What should I clean?** | **Ano ang dapat kong linisin?** |
| Thoroughly clean and then disinfect:<br>▪ all areas of suspected or confirmed contamination;<br>▪ any common areas (e.g. break rooms, washrooms), and<br>▪ any known or likely touch points in the workplace. | Linisin nang husto at pagkatapos ay disimpektahin:<br>▪ ang lahat ng lugar na pinaghihinalaan o nakumpirma na may kontaminasyon;<br>▪ ang anumang mga panlahatang lugar (hal. mga kuwartong pahingahan, washroom), at<br>▪ ang anumang napag-alaman o malamang na mga nahawakan sa lugar ng trabaho. |
| **How to safely clean** | **Paano ligtas na maglinis** |
| ▪ Read the product label and Safety Data Sheet for the cleaning product(s) before using and make sure you follow all instructions, including all required personal protective equipment. Also make sure the product is suitable for use on the surface you are cleaning;<br><br>▪ Make sure staff are trained in putting on and taking off personal protective equipment, including washing or sanitising hands between steps;<br><br>▪ Use disposable gloves where possible, and discard after each use. Wash or sanitise hands before and after wearing gloves. | ▪ Basahin ang tarheta ng produkto at Safety Data Sheet para sa (mga) produktong panlinis bago gamitin at tiyakin na susundin mo ang lahat ng mga tagubilin, kabilang ang lahat ng kailangang personal protective equipment. Tiyakin din na ang produkto ay angkop gamitin sa ibabaw na lilinisin mo;<br><br>▪ Tiyakin na ang mga kawani ay sinanay sa pagsusuot at pagtatanggal ng personal protective equipment, kabilang ang paghuhugas o pagdisimpekta ng mga kamay sa pagitan ng mga hakbang;<br><br>▪ Gumamit ng isahang-gamit na mga guwantes hangga’t maaari, at itapon pagkatapos ng bawat paggamit. Maghugas o mag-disimpekta ng mga kamay bago at pagkatapos magsuot ng guwantes. |

| After cleaning | Pagkatapos maglinis |
|---|---|
| ▪ Dispose of any single-use personal protective equipment, disposable cloths and covers in a rubbish bag and place it inside another rubbish bag and dispose of in general waste;<br>▪ Launder any reusable cleaning equipment including mop heads and disposable cloths and completely dry before re-use. | ▪ Itapon ang isahang-gamit na personal protective equipment, isahang-gamit na mga basahan sa isang bag ng basura at ilagay ang bag na ito sa loob ng isa pang bag ng basura at itapon sa pangkalahatang basurahan;<br>▪ Labhan ang anumang muling-magagamit na kagamitan sa paglilinis kabilang ang mga ulo ng mop at mga maitatapong basahan at tuyuin nang husto bago muling gamitin. |
| **Stay informed** | **Manatiling maalam** |
| For more information about keeping your work place COVID-19 safe visit www.safeworkaustralia.gov.au/covid-19-information-workplaces. | Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapanatiling ligtas ng iyong lugar ng trabaho mula sa COVID-19, bisitahin ang www.safeworkaustralia.gov.au/covid-19-information-workplaces. |
| Keep up to date with www.covid19.act.gov.au advice on controls to prevent the spread of COVID-19, including any restrictions on normal business activities, and respond accordingly. | Manatiling napapanahon sa www.covid19.act.gov.au para sa payo sa mga kontrol upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19, kabilang ang anumang mga paghihigpit sa mga normal na gawain sa negosyo, at tumugon nang naaayon. |
| Have a Question? Looking for advice? Call the COVID-19 helpline on (02) 6207 7244 (8am to 8pm daily). | May Tanong? Naghahanap ng payo? Tumawag sa COVID-19 helpline sa (02) 6207 7244 (8nu hanggang 8ng araw-araw). |
| Subscribe to the Our Canberra email newsletter to get the latest COVID-19 updates via email. Subscribe here: https://www.act.gov.au/our-canberra/subscribe-to-our-canberra | Mag-subscribe sa Our Canberra email newsletter upang makuha ang pinakabagong mga update sa COVID-19 sa pamamagitan ng email. Mag-subscribe dito: https://www.act.gov.au/our-canberra/subscribe-to-our-canberra |